

Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal

Pinagsamang Ebidensya ng Pagsaklaw at Form ng Paghahayag

ERRATA

Setyembre 9, 2025

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad

Kung mas bata ka sa edad na 18, hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga para makakuha ng ilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at maaari mong matanggap ang mga ito nang kumpidensyal, na ang ibig sabihin ay hindi aabisuhan o kokontakin ang iyong magulang o tagapag-alaga kung tatanggap ka ng mga serbisyong ito nang walang nakasulat na pahintulot mo. Tinatawag ang mga serbisyong ito na mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad.

Maaari mong makuha ang mga sumusunod na serbisyo **nang mas bata sa edad na 12:**

- Mga serbisyo sa sekswal na pang-aabuso
- Mga serbisyo sa pagbubuntis at nauugnay sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, tulad ng mga serbisyo sa kontrasepsyon (hal., pagkontrol sa pagbubuntis)

Bukod pa sa mga serbisyong nakalista sa itaas, maaari ka ring makakuha ng mga sumusunod na serbisyo sa **edad na 12 o mas matanda:**

- Outpatient na paggamot o pagpapayo sa kalusugan sa pag-iisip. Nakadepende ito sa iyong maturity at kakayahang makibahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan, ayon sa tutukuyin ng propesyonal
- Diagnosis at paggamot ng impeksyon, naipapasa, o nakakahawang sakit, kabilang ang para sa HIV/AIDS
- Mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI) pag-iwas, pagsususuri, diagnosis, at paggamot para sa mga STI tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Mga serbisyo sa karahasan ng kasintahan
- Paggamot sa sakit sa paggamit ng substance (SUD) para sa pang-aabuso sa droga at alak, kabilang ang screening, pagsusuri, pamamagitan, at mga serbisyo sa referral



Tumawag sa Serbisyo sa Customer sa **1(800) 288-5555 (TTY 711)**.

Narito ang SFHP nang Lunes–Biyernes, 8:30am–5:30pm. Libre ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **sfhp.org**.

Maaari kang makakuha ng mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad mula sa anumang provider o klinika ng Medi-Cal. Hindi kailangang nasa network ng SFHP ang mga provider. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP o ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Kung gagamit ka ng provider na wala sa network para sa mga serbisyong **hindi** nauugnay sa mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad, posibleng hindi saklawin ang mga ito.

Para makahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng Medi-Cal ng SFHP para sa mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad, o para humingi ng tulong sa transportasyon para makakuha ng provider, tawagan ang Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(800) 288-5555 (TTY 711)**.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kontrasepsyon, basahin ang “Mga serbisyo sa pag-iwas sa pagkakasakit at sa kapakanan at pamamahala ng malalang sakit” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Hindi sinasaklaw ng SFHP ang mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad na Mga Serbisyong May Espesyalisasyon sa Kalusugan ng Pag-iisip (SMHS) o karamihan sa mga serbisyo sa SUD. Sinasaklaw ng county kung saan ka nakatira ang mga serbisyong ito. Upang higit na matuto, kabilang ang kung paano i-access ang mga serbisyong ito, basahin ang “Mga Serbisyong May Espesyalisasyon sa Kalusugan ng Pag-iisip (SMHS)” at “Mga Serbisyo sa Paggamot ng Sakit sa Paggamit ng Substance (SUD)” sa Kabanata 4 ng handbook na ito. Upang higit na matuto, tumawag sa **1(800) 288-5555 (TTY 711)**.

Para sa listahan ng mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county para sa SMHS, pumunta sa: **<http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>**.

Para sa listahan ng mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD, pumunta sa: **https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx**.

Maaaring pribadong makipag-ugnayan ang mga menor de edad sa kinatawan tungkol sa kanyang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Nurse Advice Line ng SFHP sa **1(877) 977-3397**.

Maaari kang humingi ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na serbisyo sa isang partikular na form o format, kung mayroon. Maaari itong ipadala sa iyo sa ibang lokasyon. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga kasanayan sa privacy” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.



Tumawag sa Serbisyo sa Customer sa **1(800) 288-5555 (TTY 711)**.

Narito ang SFHP nang Lunes–Biyernes, 8:30am–5:30pm. Libre ang tawag.

O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **sfhp.org**.